# Proyektong pangkalusugan sa QC, higit na tututukan

Hindi na magiging problema ang kalusugan sa Novaliches sa Quezon City.

Ito ang sinabi ni PM Vargas, Chief of Staff ni QC 5th district Rep. Alfred Vargas hinggil sa pag-prayoridad nilang magkapatid sa iba't -ibang proyektong pangkalusugan ng mga taga-Novaliches.

Anya, bagama't may iba't-ibang programang naipapatupad na sa ika-limang distrito ng lungsod tulad ng livelihood, disaster preparedness, elderly ay mas pinalakas ang health programs doon.

Sinabi ni PM Vargas na sa ilalim ng health programs, nagkaloob sila ng health cards sa mga TODA, mga guro at elderly sa district 5.

Si PM Vargas ay susubok na maging konsehal ng QC na kapartido ni QC Vice Mayor Joy Belmonte na tatakbo sa pagkamayor ng lunsod, habang ang kanyang kuya na si Rep. Vargas ay susubok muli sa pagkakongresista ng 5th district ng QC.

Ayon kay PM Vargas na isang negosyante, bagama't tinututukan ng kapatid ang programang pangkalusugan, iba pa rin anya na may kikilos sa programa sa lokal na pamahalaan upang mapabilis ang paglalaan ng tulong sa mga komunidad. *(Angie dela Cruz)*